



CAO YU

Taong yungib
NG
PEKING

SALIN NI MARIO I. MICLAT

馬里奧

明色蘭特

譯

Inilathala ng University of the Philippines Press
Karapatang-ari © 1999 ni Mario I. Miclat

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng aklat na ito, liban sa maikling sipi para sa lathala o pagsusuri, ay di maaaring gamitin nang walang nakasulat na pahintulot ng may karapatang-ari.

Tagapamahala sa Pamamatnugot at Produksiyon:

Laura L. Samson

Disenyo ng Pabalat:

Gerard Rey Lico

Mga Titik-Tsino sa Pabalat:

Maningning C. Miclat

Tagapag-ugnay:

Heidi A. Cabulay

Tipo at Disenyo ng Aklat:

Linda T. Lingbaoan-Bulong at CP Mantes

Tinipa ang teksto sa *Palatia* at ang mga pamagat sa *Carmine Tango*

ISBN 971-542-191-1

Nilimbag sa Pilipinas ng UP Press Printery Division

Handog

*sa magkalapit na bansa sa Asya
na sana'y magkasama
sa pagganap ng mahalagang papel
na pantanghalang sangkatauhan*

Paunang-Salita

Dalawang pinto ang binubuksan ng salin sa Filipino ni Dr. Mario I. Miclat ng dulang Taong Yungib ng Peking ni Tsao Yu ng China. Una, ang pinto papasok sa relasyong pampanitikan ng China at ng Pilipinas. Ang ikalawa ay pinto tungo sa isang larangang hindi pa gaanong nililina ng mga Pilipino—ang pagsasalang pampanitikan na nagsasa-Filipino ng akdang dayuhan mula sa wika ng orihinal.

Mga saling Ingles ang unang nagpakilala sa mga mag-aaral na Filipino ng panitikan ng China. Ibig sabihin, una nating namasdan ang panitikan ng China sa pamamagitan ng mga mata ng mga Ingles at Amerikano. Ipinaubaya natin ang pamimili ng akdang Chino na ating babasahin sa mga tagasalin ng Inglatera at Estados Unidos. Samakatwid, ang pansariling pananaw ng Filipino at ng pagpagpapahalagang batay sa sarili nating kultura ay hindi gumabay o nagkabisa man lamang sa naging lapit natin sa panitikan ng China. May iba-ibang dahilan kung bakit nagkaganyan ang relasyong pampanitikan ng China at Pilipinas. Pangunahin ang kakulangan ng tagasalin, na bukod sa marunong ng Mandarin at alinpamang wikang Chino, ay may kakayahan din sa malikhaing pagsulat.

Kahit ang pakikipag-ugnayan ng ating mga manunulat sa mga dayuhang awtor ay hinubog pa rin ng kolonyalismong E.U. Nagpapgagunita ito sa naging kalagayan ng patakarang panlabas ng Pilipinas noong dekada 1950 at 1960. Nakabuntot lagi noon, ayon kay Claro M. Recto, ang pamahalaan ng Pilipinas sa mga patakarang panlabas ng Amerika. At sa larangan ng panitikan, nakabuntot din noon ang ating mga kritiko, iskolar at guro sa Akademya sa Amerika sa pagbasa at pagtaya sa mga akdang galing sa China. At dahil ipinaubaya sa mga di-Filipino ang pag-ugnay natin sa panitikang dayuhan, namana natin tuloy

ang mga prehuwisyo at ang kadalasan ay lihis na pamantayan ng mga Amerikano.

Malinaw ang ganyan noong panahon ng Cold War sa ating pag-ugnay sa panitikan ng mga bansang nasa labas na tinawag ng E.U. na “malayang mundo” (Free World). Binakuran noon ang ating mga akademiko ng takot at muhi ng mga Amerikano, at ang pinalusot na mga akda galing sa Unyon Sobyet at China ay iyon lamang mga tula at nobelang anti-sosyalista. Sa maikling sabi, hinubog ng Akademyang Amerikano ang ating pagtanggap sa panitikang pumaksa sa kalagayang panlipunan na nakakawangis ng mga kondisyon sa ating bayan. Halimbawa, tinuruan tayo na hindi maaring magpisan sa iisang akda ang propaganda at sining. Ayon sa ganyang pananaw, ang alinmang akda na pumapanig sa mga inaapi at pinagsasamantalahan laban sa mga mang-aapi at mapagsamanatala, ay akdang dapat pagdudahan kung tunay ngang masining. Ganda, kompleksidad at kinis, di-umano, ang dimababaling pamantayan sa pagtaya sa tunay na sining. At sa ganitong paraan naitanim sa mga kabataang manlilikha na ang “propaganda” ay salot na kumikital sa “sining” at ang dapat lamang pagsumikapan ng manlilikhaay ang pagtugon sa sinasabing mga kahingian ng objet d’art o likhang-sining.

Isang mapagpalayang pangyayari, samakatwid, ang pagbubukas ng pinto sa tuwirang relasyon ng panitikan ng China at Pilipinas sa pagsasala-Filipino ni Dr. Miclat ng makabagong dula ni Tsao Yu. Pinasisimulan nito ang ugnayang pampanitikan natin sa isang bansang may napakayamang panitikan nang walang pamamagitan ng E.U. Malaya na tayong makadudulog nang mag-isa sa panitikan ng China upang tuklasin doon ang mga hiyas na makapagpapaunlad sa ating mga akdang may kamalayang panlipunan at rebolusyonaryong pakikibaka. At sa pag-ugnay ng ating mga grupong pantanghalan sa akda ni Tsao Yu, ang nilalamang malapit sa karanasan ng lipunang Filipino ang pagtutuunan ng pansin. Sa ganitong paraan, maisasantabi bilang sekundaryong konsiderasyon ang panghihiram ni Tsao Yu sa anyo ng mga realistang dula ng Amerikanong si Eugene O’Neill, at ang maitampok ay ang pagsasadula ng bisyon ng isang awtor na nakatanaw sa pagbangon ng isang mabulas na lipunan sa guho ng piyudalismo ng China.

Ang ikalawang pintong binubuksan ng libro ni Dr. Miclat ay may napakahalagang larangang ipinakikilala sa atin. Ang pagsasalin sa Filipino

nas ay ngayon pa lamang nagpapakita ng pagsulong. Dapat banggitin ang mga hakbang na kinakatawan ng mga saling ginawa nina Zeus Salazar (mga tula ni Bertolt Brecht), Thelma Kintanar (Bumi Manusia ni Pramoedya Ananta Toer), at Jose F. Lacaba (mga tulang Amerikano Latino), na pawang pagsasalin mula sa orihinal na wika. Ang salin ng dula ni Tsao Yu ay akdang mababansagang “kagilagilalas” dahil sa mga problemang pangkultura na kinailangang linawin ng tagasalin para sa kanyang sariling pagkaunawa sa teksto, at sa kahirapang matutunan ang pampanitikang gamit ng wikang Mandarin.

Dahil naisa-Ingles na ang halos lahat ng klasiko ng panitikang pandaigdig, para sa mga Filipinong marunong magbasa ng Ingles, walang kagyat na pangangailangan para sa pagsasaling pampanitikan. May yugto naman sa kasaysayan na ang mga tagasalin ay nahirating magdaan sa saling Ingles tuwing inihuhulog nila ang mga akdang dayuhan sa alin man sa mga wika sa Pilipinas. Dapat nang tapusin ang yugtong ito sa kasaysayan ng pagsasalin ng mga akdang dayuhang hindi Ingles o Amerikano. Napapanahon na upang ang ating mga tagasalin ay kumawala sa pagkakabilanggo nila sa wikang Ingles. Kailangan na nilang magpakadalubhasa sa mga wikang dayuhan na mag-uugnay sa kanila sa mga diwa at damdaming laman ng mga akdang Espanyol, Ruso, Hapon, Pranses, Bengali, Thai, atbp.

Tunay na mahirap pantayan ang mga tagumpay ni Dr. Miclat sa kanyang ginawang pag-aaral at pagsasalin kay Tsao Yu—tagumpay sa paghawak sa wikang Mandarin at tagumpay sa pagsusuri at pag-unawa sa kultura ng China sa kabuuan at sa kultura sa panahon ni Tsao Yu. Subalit may matimbang na matutuhan ang sinumang mag-aaral ng panitikan at wika sa librong aking ipinakikilala. Narito ang halimbawang makapagdudulot ng kahandaan sa sinumang naglalayong maging tagasalin ng akdang pampanitikan. At narito rin ang halimbawa ng pagsasalin na hindi lamang naging masining at malikhain sa paggamit ng wikang Filipino upang makalikha ng katumbas sa ating wika ng dula ng isang dakilang awtor ng China.

Bienvenido Lumbera

Pasasalamat

Kay Dr. Bienvenido Lumbera, na nagsilbing tagapayo at butihing doktor habang isinasamaysinapupunan ang aklat na ito;

Kina Joaquin Sy, associate editor ng fortnightly Chinese-Filipino Digest na *Tulay*, at Yu Shijun, puno ng Seksiyong Filipino ng Radyo Internasyonal ng Tsina, na linya-por-lyang sumuyod sa mga borador nitong salin;

Kay Prof. Sun Qingsheng ng Departamento ng Literaturang Tsino ng Peking University (Bei Da) na nagbigay liwanag sa mga bagay-bagay kaugnay kay Cao Yu at sa *Taong Yungib ng Peking*;

Kina Vivencio Jose, Nellie Cubar (SLN), Thelma Kintanar, Nilo Ocampo, Lilia Quindoza-Santiago at Zeus Salazar, lupon sa aking pagdodoktorado, na nangalikot sa lalong paglinaw ng mga teoryang pinagbatayan ng pagsasalin;

Sa Tanghalang Pilipino ng CCP sa pangangasiwa ni Nonon Padilla na unang nagsulsol sa akin na isalin ang *Taong Yungib*;

Sa Cultural Exchange Program ng Pilipinas at Tsina, at sa Tan Sui Lin Foundation, na nagdala sa akin sa Bei Da noong 1991-92 para sa pananaliksik kaugnay ng pagsasaling ito;

Kay G. Sun Zongqiang, dating cultural attaché ng embahada ng Tsina sa Maynila at sa mga yunit sa Peking na nakatalakay ko, ang Asia Africa Development and Exchange Society, CAFIU, Foreign Affairs College, at Institute of Contemporary International Relations;

Sa PHP Institute of Asia ng Kyoto, Japan na nagbigay sa akin ng scholarship noong 1991-93 at humirang sa akin bilang doctoral fellow nito mula 1995 hanggang kasalukuyan;

Kina Marie-Charlotte Tang, Masuda Toko, Samuel Geux, Nopadorn Sae Kuo, Shimizu Kenichiro, Widawan (Noi) Juthapattarakul, Supitaya

(Maeo), mga kadorsitoryo at kapwa mananaliksik sa Bei Da na nagbigay-init sa matinding ginaw ng taglamig sa Peking;

Sa aking extended na pamilya sa Tsina na kinabibilangan nina Cai Qin, Chen Jinluan, Liu Dazhao, Nita, Qiu Ailian, Wu Suyi, Xu Xueleng, Zhang Lanying, Barakat, Atiya, Taha Mustafa at Ramon Escanillas na puntahan ko kapag nalulungkot;

Sa mga kapwa guro at estudyante, kaagapay sa pananaliksik, katuwang sa mga seminar at kasangga sa suliraning pangwika sa UP Sentro ng Wikang Filipino, at sa loob at labas ng Departamento ng Filipino at Panitikan sa Pilipinas, sina Rogelio Sicut (SLN), Ligaya Tiamson-Rubin, Ofelia Silapan, Virgilio S. Almario, Lilia F. Antonio, Pamela Constantino, Patricia Melendrez-Cruz (SLN), Romeo Dizon, Lydia Fer Gonzales-Garcia (SLN), at Rosario Torres-Yu;

Sa mga tagapag-ugnay at tauhan ng Sentro ng Wikang Filipino UP System, lalo na kina Heidi, Boy, Gemma, Joey, Guy, Rommel, Vangie at Jovits;

Sa mga naging guro ko nang mga tatlong dekada sa multibersidad na ito tulad nina Teodoro Agoncillo (SLN), Oscar Alfonso, S. V. Epistola, Milagros Guerrero, Carol Hernandez, Lucila Hosillos, Francisco Nemenzo, Jr., Nur Misuari, Ajit Singh Rye, Bonifacio Salamanca (SLN), Gerardo Sicut, Serafin Talisayon, Luis Teodoro, Eva Minerva Duka-Ventura at iba pang nagambag sa aking pag-unlad na pang-intelektuwal;

Kay Laura Samson na nangulit na tapusin ko na ang librong ito at sa editor niyang si Linda;

Sa mga lagi kong iniistorbo sa mga opisina ng KAL, DFPP at OVCSA Au, Boy, Cora, Cory, Ditas, Rolly, Susan, at Cyndy;

Sa Asian Center, ang aking duyang institusyon sa UPD at sa mga kasamahan kong guro at staff dito, sina Ampy, Apin, Art (SLN), Ben, Beth, Buddy, Carol, Cena, Danny, Dong, Mrs. E., Ed, Eden, Elvie, Estabillo, Fred, Gerri, Ifor, Lerma, Lilia, Lily Ann, Lourdes, Medy, Mila, Millie, Mitang, Nario, Per, Perfecto, René, Rollie, Roxy, Temyong at Toyang na siyang mga nasa likod ng sentro ng araling pangarea sa pamantasan;

Sa mga kapatid, kamaganak at kaibigan na matiyagang naghintay sa aking pagtatapos/pagsisimula upang maging pangalawang doktor nina Daddy (Marciano, Sr., SLN) at Mamma (Epifania, SLN): Kuya Pete, Kuya Jun, Ate Beth, Mon, Lynn, Manny, Al, Mar, Marites, Auntie Cion (SLN), Asiri, Bilog, BoyM, Clemen, Dan T, Del, Emman, Gi, Louie, Linda, Marvs, Mike, Nick, Picio, Rio, Roli, Teo at Sam; at

Higit sa lahat, sa aking sina Alma, Maningning at Banaue na labislabis ang pagtitiis at pagtitimpi sa proseso ng aking paghahanda, pangungunsumi, pagsulat, pagbabalik, pananaliksik, pagpupuyat at pangungumpyuter para sa librong ito.

Kayo, at ang marami pang ibang hindi ko na nabanggit, ang tumiyak na maging matagumpay ang proyektong ito.

Sa mga pagkukulang na mapapansin ng mambabasa, huwag ninyong mamasamain kung ako na ang aakong lahat sa aking Maykapal.

MARIO I. MICLAT
Taon MIM,
Tawid Milenyum

Introduksiyon

Si Cao Yu (bigkas: Tsaw Yui) ang “pinaka” sa lahat ng mandudulang Tsino. Siya ang nagbigay ng bagong direksiyon sa teatrong Tsino nitong ika-20 siglo. Ang *Taong Yungib ng Peking* (1940) ang itinuturing na kanyang obra maestra.

Noong ikalawang dekada lamang nitong Siglo 20 nagkaroon ng realistikong drama sa Tsina. Tinagurian itong “*hwa ju*” (pasalitang opera), at madalas ilarawang “moderno.” Modang dayuhan at nakabatay sa estilong bernakular, ibang iba ito sa tradisyonal na Peking Opera. Sa umpisa’y matumal ang benta ng tiket sa mga hwa ju. Hanggang sa pumasok na nga sa eksena (intensiyon ang pun) si Cao Yu.

Ang Taong Yungib sa Filipino

Sa katunayan, may nauna nang salin sa Filipino ng *Taong Yungib*. Hiniling kasi sa akin dati ni Nonon Padilla ng Tanghalang Pilipino ng Sentrong Pangkultura ng Pilipinas (CCP) na isalin ito para maipalabas sa kanilang season noong 1988. Mabilisan iyon. Oras na ng audition ng mga artista, minamadali pa rin namin nina Maningning at Alma Miclat ang translation mula sa iisang naka-xerox na kopya ng orihinal na Tsino. Ang bantog na Tsinong direktor na si Ding Ni ang siya pa namang nagdirihe niyon. Kabilang sa nagsiganap ang mga kilalang artista sa entablado tulad nina Vivian Velez, Noemi Manikan-Gomez, Allan Bautista, at Ernie Garcia.

Talon tayo sa Peking University (Bei Da) mula Oktubre 1991 hanggang Enero 1992. Sa ilalim ng cultural agreement ng Pilipinas at Tsina, at ng Tan Sui Lin Foundation, nanaliksik ako sa Bei Da para sa aking doctorate. Nakatulong din nang malaki sa gawaing doktoradong iyon ang schol-

Introduksiyon

Si Cao Yu (bigkas: Tsaw Yui) ang “pinaka” sa lahat ng mandudulang Tsino. Siya ang nagbigay ng bagong direksiyon sa teatrong Tsino nitong ika-20 siglo. Ang *Taong Yungib ng Peking* (1940) ang itinuturing na kanyang obra maestra.

Noong ikalawang dekada lamang nitong Siglo 20 nagkaroon ng realistikong drama sa Tsina. Tinagurian itong “*hua ju*” (pasalitang opera), at madalas ilarawang “moderno.” Modang dayuhan at nakabatay sa estilong bernakular, ibang iba ito sa tradisyonal na Peking Opera. Sa umpisa’y matumal ang benta ng tiket sa mga *hua ju*. Hanggang sa pumasok na nga sa eksena (intensiyon ang pun) si Cao Yu.

Ang Taong Yungib sa Filipino

Sa katunayan, may nauna nang salin sa Filipino ng *Taong Yungib*. Hiniling kasi sa akin dati ni Nonon Padilla ng Tanghalang Pilipino ng Sentrong Pangkultura ng Pilipinas (CCP) na isalin ito para maipalabas sa kanilang season noong 1988. Mabilisan iyon. Oras na ng audition ng mga artista, minamadali pa rin namin nina Maningning at Alma Miclat ang translation mula sa iisang naka-xerox na kopya ng orihinal na Tsino. Ang bantog na Tsinong direktor na si Ding Ni ang siya pa namang nagdirihe niyon. Kabilang sa nagsiganap ang mga kilalang artista sa entablado tulad nina Vivian Velez, Noemi Manikan-Gomez, Allan Bautista, at Ernie Garcia.

Talon tayo sa Peking University (Bei Da) mula Oktubre 1991 hanggang Enero 1992. Sa ilalim ng cultural agreement ng Pilipinas at Tsina, at ng Tan Sui Lin Foundation, nanaliksik ako sa Bei Da para sa aking doctorate. Nakatulong din nang malaki sa gawaing doktoradong iyon ang schol-

Semantikong Salin

May tiyak na gamit at layunin ang bawat paraan ng pagsasaling pampanitikan. Kumporme sa degree ng layo o lapit sa orihinal (simulang lengguwahe, SL), inuri ni Peter Newmark (1988) ang mga sumusunod na paraan: sansalita-bawat-sansalita, literal, matapat, at semantiko. Kung binibigyang diin naman ang kultura ng pinagsasalinang wika (tunguhang lengguwahe, TL), mayroong komunikatibo, idyomatiko, malaya at adaptasyon.

Itinatampok sa semantikong salin ang orihinal na ibig sabihin ng salita upang mailagay sa tamang konteksto ang pamamaraan ng pag-iisip at paggawa sa kultura ng orihinal. Pero di tulad ng matapat na salin, sa paraang semantiko ay mas binibigyang-pansin ang aesthetic value, ang kagandahan at natural na tunog sa orihinal, at ginagamit ang pakikiisang-damdamin sa orihinal batay sa intuisyon. Tulad naman ng komunikatibong salin, ginawa nitong maisa-Filipino ang eksaktong kahulugang kontekstuwal ng salita at nilalaman sa Tsino sa paraang madaling mata-tanggap at maiintindihan ng mga babasa nito.

Semantiko ang metodolohiyang ginamit ko para maiwasan ang ibang pagkaunawa sa konsepto, gaya ng malamang na mangyari sa mga salitang kultural kung matapat na salin ang gagamitin. At saka, iniwasan sa semantikong salin ang basta pagtutumbas ng konseptong Filipino sa ibang-iba naman palang konseptong Tsino gaya ng posibleng mangyari sa idyomatiko at malayang salin.

Tingnan na lamang natin ang sumusunod na halimbawa. Kahit na may ilang impluwensiyang Tsino sa mga katawagang pampamilya sa Filipino, magkaiba ang konsepto ng pamilya sa dalawang kulturang ito. Para sa Filipino, kamag-anak niya ang lahat ng kaanak ng kanyang ama at ina. Para sa Tsino, tanging ang kaanak lamang ng ama ang maituturing na kamag-anak. Sakali man at may gustong tukuying kamag-anak sa panig ng babae, kadalasan ay ikinakabit ang panguring "wai" (labas), gaya ng "waisun," "waipo," "waisheng" at "waishi" na sa literal na salin ay "apo sa labas," "lola sa labas," "pamangkin sa labas," at "mga kamag-anak sa labas." Hindi naman "illegitimate" ang ibig sabihin ng mga ito, kundi "nasa labas" lamang ng itinatuturing na mag-anak. Gayundin, sa ganang mga Intsik, napakalaki ng responsabilidad ng panganay na anak na lalaki na siyang inaasahang magmamana ng pamumuno sa angkan.

Dapat limiin nang husto ang mga alusyong historikal sa Tsino kung isinasalin sa Filipino. Mahigit 2000 taon nang nasusulat sa halos di nagbabagong anyo ang mga character Tsino. Dahil ideograph nga, tiyak na nananatili pa rin ang mga alusyong nakapaloob sa bawat titik, bawat salitang compound, o parirala, idyomatikong ekspresyon, at mga salawikaing ginagamit pa rin hanggang ngayon.

Isa pang sample. May bersong sinipi ang awtor sa unang pahina ng dula:

*Kapag sa malayo'y may katalik puso,
Gilid man ng langit, para nang malapit.
— Wang Bo [650-676 CE*]*

Sa biglang tingin, simple lamang ang berso. Simple rin ang paliwanag ni Cao Yu (1978) tungkol rito. Sinipi daw lamang niya ang makata ng Dinastiyang Tang dahil nang isinusulat niya ang dula ay naiisip niya ang Yanan (Yenan) na napag-alaman niya noon na siyang duyan ng rebolusyon.

Pero may tatlong rason na tinukoy si Sun Qingsheng (1986) kung bakit iyon sinipi ni Cao Yu. Una, laging naiisip ni Cao Yu ang minamahal na si Fang Rui na napakasal sa iba. Pangalawa, sa loob ng dula mismo, maaari itong tumukoy kina Su Fang at Wenqing, o kahit kina Ruizhen at sa kanyang mga kaibigan. Pangatlo, at sa pinakamalawak na pakahulugan, maaari ding tingnan ang pagliliwayway ng isang bagong lipunan “sa gilid ng langit.”

Kung бага, may patong-patong na pahiwatig sa sinisiping tulang Tsino. Tingnan natin ang orihinal ng mahigit sanlibong taon nang tula:

海内存知己

Hai nei cun zhi ji

天涯若比邻

Tian ya ruo bi lin

Sa gloss:

Dagat loob mayroon kaunawa sarili
Langit gilid tila hambing kapitbahay.

Madaling maganyak ang tagasalin na ihulog ang unang dalawang salita (dagat loob) na “sa loob” o “sa ilalim” o “sa pusod” ng dagat. Pero sa mas lumang ekspresyong “si *hai zhi nei* (gloss: apat dagat na loob)” na siyang pinagkunan nito, ang “kalooblooban ng lupalop na malayo sa dagat” ang siyang tinutukoy. Kabaligtaran ng “sa pusod ng dagat,” ang ipinahihiwatig dito’y ang “pusod ng lupain,” o “sulok ng daigdig” o “pinakamalayong lugar.” Samantala, tinutukoy ng “sariling kaunawa” ang matalik na kaibigang nakakaintindi ng nilalaman ng iyong puso. Walang nakatagong kahulugan sa “gilid ng langit”. Ayon naman sa *Zhongguo Wenxue Zuopin Xuan* [Yi] ang “bi lin” na “kalapit-bahay” ang ibig sabihin, ay galing sa isa pang mas naunang tula, ang isa’t kalahati nang milenyum na “Ceng Bai Ma Wang Hu” ni Cao Zhi [192-232] ng Tatlong Kaharian (142).

Samakatwid, bago tayo makarating sa semantikong salin ng SL Tsino sa TL Filipino, ilang henerasyon ng mga aklat ang dapat balikan upang masapol ang tamang alusyong literaryo-historikal.

Bernakular na Tsino

Noong panahon ng Ming, maraming *xiao shuo* ng Tang ang isinabernakular. Inihalimbawa ni Lu Hsun (p. 262) ang *Pai’n Jingq* (*Nakagugulat, Nakamamangha*, 1632) na may 39 na kuwento at isang dula (ang “Gulo sa Pista ng Parol”). May paunang salita ito ng makata at dramaturgong si Ling Mengchu ng Wucheng sa nom de plume na Maestro ng Pangaserahang Chikung.

May sariling kakanyahan, tradisyon at yaman ang literaturang Tsino. Lumago ito noong mga panahon ng Han [206 BC-220 CE], Tang [618-907], Hilagang Song [960-1127], at Ming [1368-1644]. Pero bago pa man ng mga panahong nabanggit, ginamit na ni Chuang Tzu, pilosopong Taoista ng Nagpapandigmaang Estado [475-221 BC], ang salitang “*xiao shuo*” 小说 (maliit salita). Katha o fiction ang ibig sabihin nito.

Sinipi ni Lu Hsun (tr. 1959) si Huan Tan ng Han sa pagsasabing “pinagkakabit-kabit ng manunulat ng *xiao shuo* ang mga kakatwang kasabihan at talinghaga para makalikha ng maiikling salaysay na nagtataglay ng mga bagay-bagay na mapapakinabangan sa araw-araw” (salin ko).

Kaiba sa *xiao shuo* ang *shi* o tula o berso. Gayunman, dahil na rin napakahalaga ng tula sa buhay Intsik, laging may nakapasok na mga tula at couplet sa loob ng mga kuwento at dula. Sa matalinghagang pananal-

tang hinihingi ng gawaing opisyal at pandiplomasya, napakahalagang sumipi ng tula. Sa mga iskolar, pampalipas oras ang magpagandahan ng tulang kinakatha nang mabilisan sa kaligrapiya. Magmula pa nang Tang, parte na ng eksamen sa serbisyo sibil ang pagkatha ng tula. Patula rin kung magkuwento ang mga storyteller na lumilibot sa mga kalsada. Makikita ang kahalagahang ito ng tula kahit sa mga makabagong dula ni Cao Yu

Mas nalalapit ang tula sa klasikal na panulat. Dito, mga pangunahing ideograph o character lamang ang itinititik. Nakita na natin ang halimbawa nito sa gloss ng tula ni Wang Bo sa itaas. Kahit na ano ang wikang sinasalita, basta alam ang ideograph na Chinese character (Kanji), maiintindihan ang tinutukoy ng nasusulat na wika. Kaya nga ba't nagkakaitindihan sa sulat, kahit hindi magkaunawaan sa salita, ang Sino-Tibetanong Mandarin at ang Malayo-Polynesianong Hapon o Koreano.

Halimbawa ng estilong klasikal ang mga tula at islogan ni Mao Zedong. Tingnan na lamang ang islogang:

准 战 准 荒 为 人 民

"Zhûn zhàn, zhûn huang, wèi rén mǐn"

Sa gloss:

"Handa digma, handa kulang, para sambayanan."

Maaaring magkaroon ng maraming interpretasyon ang ganitong klasikal na sistema ng pagsulat. Sa panawagang ito, dapat bang kung para sa sambayanan ay maghanda ng digmaan at maghanda ng mga nagkukulang na pangangailangan? Ganito ang naging salin nito sa Ingles: "Be prepared against war, be prepared against natural disasters, and do everything for the people" (Hua Kuo-feng, 1978, 113).

Kapag sinabi nating isinasabernakular ang klasikal na akda, tinatangang maisulat sa character kung papaano mismo sinasalita ang Tsino. Sa benakular, isinasa-character na rin pati mga salitang pantulong o kataga gaya ng mga adverb, conjunction, at measure word. Kung bagay inilalapit ang wikang pasulat sa pinakakatanggap-tanggap na pangkalahatang estrukturang gramatikal ng wikang pasalita. Hindi ito kasindali ng paggamit ng alpabeto. Mahirap basta mag-imbento at magpalaganap ng espisipikong character para sa lahat ng ekspresyon, ungol o tunog na lumalabas sa bibig ng nagsasalita.